
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7: Pagsulat ng Parirala at Pangungusap



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Pagsulat ng Parirala at Pangungusap**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Clarissa Jane V. Gonzaga

**Editor:** Elena V. Almario, Nerissa D. De Jesus, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagaguhit:** Lynzee Monta

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor P. Nuesca EdD
Merlinda T. Tablan EdD
Ellen C. Macaraeg EdD
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ___________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7:
## Pagsulat ng Parirala at Pangungusap

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Parirala at Pangungusap!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsulat ng Parirala at Pangungusap!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makasusulat ng parirala at pangungusap nang may wastong baybay, bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra.



## *Subukin*

Panuto: Basahin at isulat nang wasto ang mga pangungusap gamit ang malaki at maliit na letra. Lagyan ito ng tamang bantas.

1. nagpunta ba si sara sa palaruan

    ______________________________________________

2. panatilihing malinis ang kapaligiran

    ______________________________________________

3. aray kinagat ako ng lamok

    ______________________________________________

4. sa maynila siya nakatira

    ______________________________________________

5. binilhan ng bagong damit si tonyo

    ______________________________________________

**Aralin 7**

# Pagsulat ng Parirala at Pangungusap

Tuwing ililibot ang paningin sa paligid  marami tayong makikitang mga babasahin. Ang mga ito ay may iba't ibang mensahe na gustong ipabatid na maaaring magdulot ng kalituhan kung hindi mauunawaan nang maayos. Sa pamamagitan ng paggamit ng malaki at maliit na letra at tamang bantas mas magiging maayos ang pagbasa at mas malinaw ang mga mensahe nito.

## *Balikan*

Panuto: Lagyan ng tamang bantas ang mga pangungusap.

______________1. Diligan mo ang mga halaman

______________2. Nagsisimba kami tuwing Linggo

______________3. Bigay ba ni Didit ang regalo


______________4. Yehey panalo tayo

______________5. Paano ka nasugatan

## Tuklasin

Panuto: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

### Ang Pagsusulit ni Robi



Pagkagaling sa paaralan tinawag ni Robi ang kapatid upang maglaro. “Pakikuha mo yung bola Kiko para makapagpalaro na tayo,” ang sabi ni Robi. “Bumalik kayo sa silid may pagsusulit kayo bukas,” sabi ng nanay. Agad naman sumunod ang magkapatid.

Nagtaka si Robi dahil nasa loob na siya ng silid-aralan. Ibinibigay na ang resulta ng kanilang pagsusulit. Hawak na niya ang kanyang papel. “Ano kaya ang aking marka?” sabi ni Robi sa kanyang isip. Pagbuklat ng kanyang papel nakita niya, bagsak ang marka. Iyak nang iyak si Robi dahil siguradong magagalit ang kanyang ina. “Robi, gising!” boses ito ng kanyang ina. Nagising si Robi. Pagmulat ng kanyang mata ay nakita niya ang kanyang ina. Nanaginip lang pala siya. “Nanay, mag-aaral na po ako nang mabuti.” sabi ni Robi.

Panuto: Sagutin ang mga tanong ayon sa kuwentong binasa. Isulat ang letra ng tamang sagot.

_____1. Sino ang may pagsusulit?

A. Kiko B. Robi C. Rico

_____2. Ano ang ginawa niya pagkagaling sa paaralan?

A. nagyayang maglaro

B. natulog sa kuwarto

C. nakipagkwentuhan sa kapatid

_____3. Kung ikaw si Robi ano ang gagawin mo kung mayroon kang pagsusulit?

A. makikipaglaro sa kapatid

B. mag-aaral na kaagad

C. matutulog na lang muna

_____4. Bakit magagalit ang ina ni Robi?

A. bagsak ang marka niya

B. nakatulog siya

C. naglaro siya

_____5. Sa iyong palagay ano ang natutunan ni Robi sa kanyang panaginip?

A. Huwag matutulog kapag nag-aaral.

B. Makipaglaro na lang sa kapatid.

C. Mag-aral nang mabuti.

## Suriin

Ang binasang kuwento ay madaling maunawaan dahil sa wastong gamit ng malaki at maliit na letra. Bukod dito mapapansin din na tama ang gamit ng bantas. Balikan natin ang ilang pangungusap sa kuwento at suriin.

Basahin ang mga sumusunod:

1. Nanay, mag-aaral na po ako ng mabuti.
2. Ano kaya ang aking marka?
3. Robi gising!
4. Pakikuha mo yung bola, Kiko para makapagpalaro na tayo.
5. Pumunta kayo sa inyong silid at mag-aral may pagsusulit kayo bukas.

Pagkatapos suriin ang mga pangungusap mauunawaan mo na:

✓ Ang umpisa ng pangungusap ay laging nagsisimula sa malaking titik.

✓ Ang tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari ay dapat na nagsisimula sa malaking letra.

✓ Ang hulihan ng pangungusap ay laging nagtatapos sa tamang bantas.

✓ Ang ilan sa mga bantas na ginagamit ay:

- tuldok (.) - ginagamit tuwing pasalaysay o pautos
- tandang pananong (?) - ginagamit tuwing nagtatanong
- tandang padamdam (!) - ginagamit tuwing nagpapahayag ng matinding damdamin
- kuwit (,)- ginagamit tuwing pansamantalang hihinto

***Mga Tala para sa Guro***

Gabayan ang mag-aaral sa pagsagot ng mga Pinatnubayang Pagsasanay.

## Pagyamanin

### Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Piliin ang mga salitang hindi wasto ang paggamit ng malaki at maliit na letra.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Tagpi | Aso | Blackie |
| 2. | guro | nars | Doktor |
| 3. | Dilaw | Bughaw | Kulay |
| 4. | gumamela | Sampaguita | bulaklak |
| 5. | ibon | Maya | agila |

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) kung wasto ang pagkakasulat ng mga salita at ekis (✗) kung hindi wasto.

_____1. si Bitoy

_____2. ang Pulis

_____3. sina Kokoy at pipay

_____4. asong tumatahol

_____5. tatakbong Bata

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Isulat ang **Oo** o **Hindi** kung ang pangungusap ay gumamit ng tamang bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra.

1. Nakita mo ba ang nawawala kong pantasa?
2. Pulutin ninyo ang mga kalat,
3. Sina Lolit, Bebe at Dani ay nag-eensayo ng sayaw?
4. Bilisan ninyo !kunin na ang mga gamit may sunog!
5. Maghugas ng kamay bago kumain.

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Piliin ang letra na tumutukoy sa maling bahagi ng pangungusap. Kung lahat ay tama, piliin ang letrang C.

______1. Ang paborito kong kulay ay Pula.**Tama**
A B C

______2. Nasaan ang iyong nanay? **Tama**
A B C

______3. Si Soni ay nagwawalis! **Tama**
A B C

______4. Masustansiya ang upo? kalabasa at talong. **Tama**
A B C

______5. aray! Ang sakit ng ngipin ko. **Tama**
A B C

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat ang salitang **WASTO** kung tama ang pahayag at **DI-WASTO** kung mali.

_____________1. Ang dulo ng pangungusap ay laging nagsisimula sa malaking titik.

_____________2. Ang tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari ay dapat na nagsisimula sa malaking letra.

_____________3. Ang hulihan ng pangungusap ay laging nagtatapos sa tamang bantas.

_____________4. Ginagamit ang bantas na padamdam (!) tuwing pansamantalang hihinto.

_____________5. Ginagamit ang bantas na tandang pananong(?) tuwing nagtatanong.

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Hanapin sa mga pangungusap ang salitang dapat isulat sa malaking letra, pagkatapos isulat ito ng tama.

1. Si marites ay matulungin sa nangangailangan.

2. Bakit ka pupunta sa tagaytay Bino?

3. tumulong kang magluto ng ulam natin.

4. Tuwing buwan ng wika nagkakaroon ng paligsahan.

5. Naku! nadulas si nelia.

## Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Kopyahin sa sagutang papel ang mga pangungusap at lagyan ito ng tamang bantas.

1. Ang kabayo ay tumatakbo__

2. Wow__ Ang ganda ng iyong proyekto.

3. Malinis po ba ang hangin sa probinsya__

4. Makikipaglaro ako kina Lisa__ Niko at Anya.

5. Magpunas ka ng mga kabinet__

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Iguhit ang masayang mukha (☺) kung wasto ang pagkakasulat ng pangungusap at malungkot na mukha (☹) kung hindi.

_____1. Maaari po ba kaming humingi ng bayabas?

_____2. Yehey! Nanalo ang aking kaklase.

_____3. Palakpakan natin ang ating mga panauhin.

_____4. Ang Manga! Mansanas at Papaya ay mga prutas.

_____5. paano po gumawa ng saranggola?

## *Isaisip*

Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag.

Ang pagsulat ng _____________________ letra ay ginagawa sa unahan ng pangungusap at sa mga tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari. Ang mga bantas na ginagamit ay _____________________, _____________________, _____________________ at _____________________ sa pagbuo ng pangungusap.



# *Isagawa*

<u>Panuto</u>: Isulat ang letra ng pangungusap na may wastong gamit ng maliit at malaking letra at may tamang gamit ng bantas.

______1. A. Namasyal kami sa Baguio.
B. namasyal kami sa Baguio.
C. Namasyal kami sa baguio.

______2. A. Maaari ba akong dumaan?
B. Maaari ba akong dumaan!
C. Maaari ba akong dumaan.

______3. A. Huwag magtapon ng basura kahit saan?
B. Huwag magtapon ng basura kahit saan.
C. huwag magtapon ng basura kahit saan.

______4. A. ilan ang dala mong libro?
B. Ilan ang dala mong libro?
C. Ilan ang dala mong libro.

______5. A. grabe! Sobrang init ng panahon?
B. Grabe! Sobrang init ng panahon,
C. Grabe! Sobrang init ng panahon.

## *Tayahin*

<u>Panuto</u>: Basahin at isulat ang mga pangungusap nang may wastong gamit ng malaki at maliit na letra at lagyan ng tamang bantas.

1. uminom ng maraming tubig araw-araw

   ________________________________________________

2. bakit ka nagtatago sa sulok

   ________________________________________________

3. gusto ni elisa maging doktor

   ________________________________________________

4. yehey nakakuha ako ng mataas na marka

   ________________________________________________

5. pwede po bang makausap si wilma

   ________________________________________________

## *Karagdagang Gawain*

<u>Panuto</u>: Gumawa ng buong pangungusap mula sa mga larawan. Gumamit ng tamang bantas at tamang gamit ng malaki at maliit na letra na maaaring sabihin ng mga nasa larawan.

1. 


_______________________________

_______________________________

2. 

_______________________________


_______________________________

3. 




_______________________________

_______________________________

4. 

_______________________________

_______________________________

5. 

_______________________________

_______________________________

# Susi sa Pagwawasto

<table>
<tr><td colspan="2">Subukin<br>1. Nagpunta ba si Sara sa palaruan?<br>2. Panatilihing malinis ang kapaligiran.<br>3. Aray! Kinagat ako ng lamok.<br>4. Sa Maynila siya nakatira.<br>5. Binilhan ng bagong damit si Tonyo.</td><td>Balikan<br><br>1..<br>2..<br>3.?<br>4.!<br>5.?</td><td>Tuklasin<br>1. B<br>2. A<br>3. B<br>4. A<br>5. C</td></tr>
<tr><td colspan="4">Pagyamanin</td></tr>
<tr><td>Pinatnubayang Pagsasanay1<br>1. Aso<br>2. Doktor<br>3. Kulay<br>4. Gumamela<br>5. agila</td><td>Pinatnubayang Pagtatasa 1<br>1. ✓<br>2. ×<br>3. ×<br>4. ✓<br>5. ×</td><td>Pinatnubayang Pagsasanay 2<br>1. Oo<br>2. Oo<br>3. Oo/hindi<br>4. Oo<br>5. Oo</td><td>Pinatnubayang Pagtatsa 2<br>1. C<br>2. C<br>3. B<br>4. B<br>5. A</td></tr>
<tr><td>Malayang Pagsasanay 1<br>1. DI-WASTO<br>2. WASTO<br>3. WASTO<br>4. DI-WASTO<br>5. WASTO</td><td>Malayang Pagtatasa 1<br>1. Marites<br>2. Tagaytay<br>3. Tumulong<br>4. buwan ng Wika<br>5. Nelia</td><td>Malayang Pagsasanay 2<br>1. .<br>2. !<br>3. ?<br>4. ,<br>5. .</td><td>Malayang Pagtatasa 2<br>1. ☺<br>2. ☺<br>3. ☺<br>4. ☹<br>5. ☹</td></tr>
<tr><td>Isaisip<br><br>Ang pagsulat ng <u>malaking</u> letra ay ginagawa sa unahan ng pangungusap at sa mga tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari. Ang mga bantas na ginagamit ay <u>tuldok</u>, <u>tandang pananong</u>, <u>tandang padamdam</u> at <u>kuwit</u> sa pagbuo ng pangungusap.</td><td>Isagawa<br>1. A<br>2. A<br>3. B<br>4. B<br>5. C</td><td>Tayahin<br>1. Uminom ng maraming tubig araw-araw.<br>2. Bakit ka nagtatago sa sulok?<br>3. Gusto ni Elisa maging doctor.<br>4. Yehey! Nakakuha ako ng mataas na marka.<br>5. Pwede po bang makausap si Wilma?</td><td>Karagdagang Gawain<br>1. Pakitulungan mo akong magwalis.<br>2. Naku! Hindi ako nakakapit.<br>3. Paano po magtanim tatay?Iayos mo ang iyong laruan.<br>4. Nakakapagod maglaba.<br><br>*maaring maiba ang sagot depende sa mag-aaral</td></tr>
</table>

## *Sanggunian*


Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph